Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay natutulog sa unang bahagi ng gabi at gumigising sa huling bahagi nito at nagdadasal

Ayon kay `Aishah malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay natutulog sa unang bahagi ng gabi at gumigising sa huling bahagi nito at nagdadasal.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ni `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya-na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay natutulog sa unang bahagi ng gabi,at ito ay pagkatapos ng Dasal ng `Eishah,at tumitindig (ng Dasal) sa huling bahagi nito;at ito ay ang ikalawa mula sa tatlong bahagi ng gabi,at kapag natapos siya sa kanyang pagdadasal,babalik siya sa kanyang higaan upang matulog,at ito ay ang ika-anim na huling gabi;upang maipagpahinga niya ang katawan niya mula sa pagod ng pagtindig (sa dasal ng) sa gabi,at rito ay mayroon din kabutihan sa paghahanda sa dasal ng Madaling-araw,at Pag-aalaala sa araw na may sipag at sigla;at dahil ito ay mas malapit sa pag-iwas sa pagkukunwari,sapagkat sinuman ang nakatulog sa huling ika-anim na bahagi ng gabi,ay magiging kapansin-pansin ang kulay,malusog at malakas,at ito ay mas malapit hanggang sa (mas nanaisin niyang) itago niya ang mga gawain niyang nakalipas mula sa pagpapakita niya.Kung kaya`t naisalaysay na ang Unang Azan; ay uppang gisingin ang natutulog,at magpahinga ang tumitindig(ng dasal),Ang tumitindig (ng dasal) ay babalik sa pagtulog,upang makakuha ang katawan nito ng sapat na lakas at sigla,At ang natutulog,ay gigising upang maghanda sa pagdarasal,at nang sa gayon ay ,makapagdasal ng Witr kung hindi nakapagdasal ng Witr sa unang bahagi ng gabi.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4247